**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue III**
**March 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# PAMAMAHALA NG MGA GURO AT EPEKTO SA PAGTUTURO SA MGA MAG-AARAL NA MAY ESPESYAL NA PANGANGAILANGAN SA PAMPUBLIKONG PAARALANG ELEMENTARYA

**BABY SHANE C. LAYOSA**
**Researcher**
babyshanescavite@gmail.com

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay tinukoy ang pamamahala ng mga guro at ang epekto sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa pampublikong paaralang elementarya. Partikular, sinuri ang kategorya ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan, antas ng estratehiyang ginagamit ng mga guro sa akademiko, emosyonal, at panlipunang aspekto, pagkakaiba sa paggamit ng estratehiya, at epekto sa pamamahala ng guro. Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa mga piling pampublikong paaralan sa elementarya sa Ikatlong Distrito ng isang pambayang munisipalidad sa isang lalawigan ng Rehiyon 5, Albay. Gumamit ng deskriptibong disenyo at survey method, na lumahok ang 85 guro mula sa piling pampublikong paaralan sa Taong Panuruan 2025–2026. Ginamit ang Frequency Count, Percentage, Weighted Mean, at F-Test sa pagsusuri ng datos.

Natuklasan na ang mga mag-aaral na may Emotional o Behavioral Disorders at Developmental Delay ang may pinakamataas na bilang na 36.75 bahagdan, samantalang ang mga may hearing impairment ay may pinakamababa na 4.71 bahagdan. Sa akademikong aspekto, ang pinakamataas na estratehiya ay differentiated instruction at pakikipagtulungan sa mga magulang na may weighted mean 3.58, Lubos na Ginagamit (LG), at pinakamababa

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
March 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

ang paggamit ng Individualized Education Plan (IEP)na may weighted mean 2.78, Hindi Ginagamit (HG). Sa emosyonal, positibong reinforcement ang pinakamataas na may weighted mean 3.66, Lubos na Ginagamit (LG), at dyornal/emosyonal cards ang pinakamababa na may weighted mean 2.65, Hindi Ginagamit (HG). Sa panlipunan, positibong kultura ng pagtanggap at respeto ang pinakamataas na may weighted mean 3.56, Lubos na Ginagamit (LG), at Functional Behavior Assessment (FBA) ang pinakamababa na may weighted mean 2.67, Hindi Ginagamit (HG). Walang makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng estratehiya batay sa F-Test (computed F = 0.4781 < tabular F = 3.6823). Natuklasan din na 61.18 bahagdan, ng mga guro ay nakararanas ng stress sa pamamahala ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan, samantalang 24.71 bahagdan ang nagiging mas mahusay sa pakikipag-ugnayan sa mga magulang, SPED teachers, at iba pang stakeholders. Ang inihandang karagdagang gabay ay napatunayang katanggap-tanggap ng mga hurado (4.8).

Inirerekomenda ng pag-aaral na palakasin ang mga programang pang-interbensiyon at suporta na nakatuon sa partikular na pangangailangan ng mga mag-aaral, kabilang ang mas madalas na classroom monitoring at targeted behavioral at developmental strategies. Bigyang-diin ang higit na malawak na pagsasanay sa paggamit ng mga estratehiyang may mababang antas ng paggamit tulad ng Individualized Education Plan (IEP), emotional journals, at Functional Behavior Assessment (FBA) upang maging mas balanse at holistiko ang pamamahala ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Magpatupad ang mga paaralan ng mga programang pang-well-being ng guro, tulad ng stress management seminars, emotional support systems, at sapat na administrative support upang mapanatili

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

ang kanilang kalusugang mental at propesyonal na kakayahan. Ang inihandang karagdagang gabay ay dapat gamitin bilang karagdagang sanggunian ng mga guro sa pamamahala ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan, at isama sa mga in-service training, Learning Action Cell (LAC) sessions, at School-Based professional development activities. Inirerekomenda ang pagpapatupad at patuloy na pagpapalaganap ng nabuong karagdagang gabay na nakatuon sa praktikal at sistematikong pamamahala ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa pampublikong paaralang elementarya.

**Mga Susing Salita:** *Akademikong Epekto, Emosyonal na Epekto, Estratehiya sa Pagtuturo, Karagdagang Gabay, Mainstream na Edukasyon, Special Needs Education, Special Education*

## PANIMULA

Sa bawat paaralan, may mga mag-aaral na may iba-ibang antas ng kakayahan at pangangailangan. Sa kasalukuyang sistema ng edukasyon sa Pilipinas, patuloy na isinusulong ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang inklusibong edukasyon na naglalayong bigyan ng pantay na oportunidad ang mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Gayunman, may mga hamon pa ring kinahaharap ang mga guro sa pamamahala sa klase, lalo na sa pampublikong paaralang elementarya, partikular na ang kakulangan nang sapat na pagsasanay ng mga guro sa mga estratehiyang ginagamit, at sa mataas na bilang ng mga mag-aaral. Ito ang nagganyak sa mananaliksik upang isagawa ang pag-aaral na ito, na maging batayan sa pagbuo ng karagdagang gabay na maaring gamitin ng mga guro sa pampagturo sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Ayon sa pag-aaral ng United Nations International Children's Emergency Fund (UNICEF) noong 2021, mas maraming bata na may espesyal na pangangailangan ang sumasali na sa mga normal na paaralan. Isa sa mga pangunahing layunin nito ay mabigyan sila ng pagkakataon na makihalubilo at matuto kasama ang kanilang mga kapwa mag-aaral. Ang prosesong ito ay maaaring mahirap para sa mga guro. Batay sa Batas Republika Blg. 7277 na tinatawag na Magna Carta for Disabled Persons, mahalagang isulong ang rehabilitasyon, sariling pag-unlad, at pagsasarili ng mga taong may kapansanan, pati na rin ang kanilang integ-rasyon sa lipunan. Binibigyang-diin ng batas ang panga-ngailangan ng pagbibigay ng angkop na tulong at mga konsesyon upang matiyak na ang mga batang may espesyal na pangangailangan ay makasasabay sa mga regular na silid-aralan.

Layon ng pag-aaral na ito na suriin kung paano maipatutupad nang mas epektibo ang mga itinakdang suporta at akomodasyon sa mga pampublikong paaralan, pati na rin ang epekto nito sa pamamahala ng mga guro. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, inaasahang makapagbibigay ng mahalagang impormasyon at rekomendasyon na makatutulong sa higit pang pagpapatibay sa pamamahala ng mga guro ng inklusibong edukasyon sa pampublikong elementarya para sa mas pantay at epektibong sistema ng pagtuturo para sa lahat.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng pamamaraang deskriptibong disenyo sa pamamagitan ng survey questionnaire na teknik ng pagsisiyasat upang mailarawan at masuri ang kasalukuyang kalagayan ng mga kalahok kaugnay ng paksa ng pag-aaral.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
March 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Ayon kay (Yin, 2018), ang deskriptibong disenyo ay isang paraan ng pagsusuri na naglalayong ilarawan ang mga kasalukuyang kalagayan at karanasan ng mga kalahok, tulad ng pananaw ng mga guro sa pagtuturo ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Ginamit ito upang tuklasin ang mga hamon at estratehiya ng mga guro sa mainstream na edukasyon, kabilang ang mga paraan ng pagtuturo at pamamahala upang matulungan ang mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng disenyong ito, nasiyasat ang mga detalye ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo at ang mga estratehiyang ginamit upang matulungan ang mga mag-aaral.

Ang sarbey ay tumutukoy sa pangangalap ng datos kung saan kinokolekta ang impormasyon mula sa isang tiyak na grupo ng mga respondente upang makuha ang kanilang mga pananaw, opinyon, o karanasan ukol sa isang partikular na paksa ayon kay (Fowler 2014). Ang mga datos na nakalap ay makatutulong upang masukat ang epekto sa pamamahala ng mga guro na may mag-aaral na may espesyal na pangangailangan upang makabuo ng karagdagang gabay para sa mga guro.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang instrumentong ginamit sa pananaliksik ay batay sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa inklusibong edukasyon. Ang mananaliksik ay gumawa ng sariling gawang ins-trumento kung saan binubuo ito ng tatlong bahagi.

Ang unang bahagi ay tungkol sa kategorya ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Kasama rito ang mga mag-aaral na may ADHD, Autismo, learning disabilities, physical disabilities, intellectual disabilities, at iba pang kategoryang may espesyal na pangangailangan.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Ang ikalawang bahagi ng instrumento ay tumutukoy sa mga estratehiyang ginamit ng mga guro sa pagtuturo at pamamahala sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Nahahati ito sa tatlong sub-kategorya, akademikong pagkatuto, emosyonal na suporta, at panlipunang pakikisalamuha. Upang masukat ang pananaw ng mga guro sa bawat estratehiya ay ginamit ang 4-Point Likert Scale na naglalaman ng mga antas ng pagsang-ayon mula sa 4 Lubos na Ginagamit (LNG), 3 Sapat na Ginagamit (SG), 2 Bahagyang Ginagamit (BG), at 1 Hindi Ginagamit (HG).

Samantala, ang ikatlong bahagi ng instrumento ay tumututukoy sa mga epekto sa pamamahala ng mga guro sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Tinukoy dito ng mga guro ang pinakaepekto sa pamamagitan ng paglagay ng check ng mga ito kung alin ang mas may pinakaepekto sa kanila.

**Paraan ng Pagsasagawa**

Ang mga alituntunin sa pananaliksik ng Kagawaran ng Edukasyon(DepEd) ay sinunod sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito. Ang unang hakbang sa pagsasagawa ng pananaliksik na makikita sa Talahanayan 2 ay nagsimula sa paghanda ng liham na paghingi ng pahintulot sa Paaralang Gradwado, Tagapamanihalang Pansa-ngay ng mga Paaralan sa Sangay ng Albay, Pandistritong Tagamasid, at sa mga Punong-guro sa ilang mga pampublikong paara-lang elementarya.

Pagkatapos na maisagawa ng mananaliksik ang mga naturang hakbang ay aktuwal na isinagawa ang pagkuha ng mga datos mula sa mga guro sa pamamagitan ng mga talatanungan at panayam upang makuha ang kanilang pananaw ukol sa pamamahala ng mga mag-aaral na

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
March 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

may espesyal na pangangailangan sa pampublikong paaralang elementarya. Ang pangunahing instrumento na ginamit ay isang talatanungan (survey questionnaire) na binuo batay sa mga layunin ng pag-aaral. Bago ipinamudmod ang talatanungan, ito ay dumaan muna sa pagpupuna ng mga eksperto upang masiguro ang kabisaan ng nilalaman nito. Sa paglikom ng datos ay nakipag-ugnayan din ang mananaliksik sa Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan, Sangay ng Albay, sa Pandistritong Tagamasid, at sa ilang mga Punong-guro na saklaw ng pananaliksik na ito.

Sinundan ito ng pagkuha ng mga datos mula sa mga guro sa pamamagitan ng mga talatanungan at panayam upang makuha ang kanilang pananaw ukol sa pamamahala sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa pampublikong paaralang elementarya. Ang ibang talatanungan ay hindi naibalik, kaya't nagtungo sa iba pang paaralan ang mananaliksik upang mapunan ang kakulangan sa mga hindi naibalik na talatanungan.

Sa huling bahagi ng pananaliksik, ang mga nakalap na da-

tos mula sa talatanungan ay isinailalim sa masusing statistical analysis. Ginamit ang weighted mean upang matukoy ang kategorya ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Mula sa mga datos na ito, bumuo ng interpretasyon, lagom at konklusyon ang mananaliksik. Ang kabuuang resulta ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng rekomendasyon para sa kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa pagpapabuti ng pamamahala ng mga guro sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**Kagamitang Estadistika**

Upang bigyang-kahulugan ang mga resulta ng pananaliksik, ginamit ang iba-ibang estadistikal na pamamaraan gaya ng Bilang ng Dalas, Bahagdan, Weighted Mean at F test.

**Bilang ng Dalas**. Ang bilang ng dalas ay tumutulong upang ipakita ang distribusyon ng mga sagot ng mga respondente sa bawat kategorya (Black, K (2021). Sa pag-aaral na ito ginamit ito upang matukoy ang dami ng mga respondente na sumagot sa bawat bahagi ng talatanungan.

**Bahagdan.** Ginagamit upang matuloy ang distribusyon ng sagot sa pamamagitan ng paghahati ng bilang ng tugon sa kabuu-ang bilang ng mga respondente at pag-multiply nito sa 100 (Triola (2017). Sa pananaliksik na ito, ang bahagdan ay ginamit upang matukoy at ipakita ang distribusyon ng mga sagot ng mga respondente.

Ang pormula ay makikita sa ibaba:

$$\mathrm{P} = \frac{f}{n} \times 100$$

Kung saan:

P = Bahagdan

F = Frequency

N = Kabuuang Respondente

100 = Constant

**Weighted Mean.** Ginagamit ang weighted mean upang masukat ang epekto ng pamamahala ng guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
March 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

(Triola, M. F. (2018). Ginamit ito upang matukoy ang lawak ng epekto sa pamamahala ng guro na may mag-aaral na may espesyal na pangangailangan.

Ang pormula sa pagkuha ng weighted mean ay:

$$WM = \frac{\sum wx}{n}$$

Kung saan:

WM = weighted mean

W = weight for each data point

x = value of each data point

n = number of data

**F-Test.** Ginagamit ang F-test bilang estadistikal na pamamaraan na ginamit upang masuri ang pagkakaiba-iba sa pagitan ng mga grupo sa pamamagitan ng paghahambing ng variability o variances. (Andrew F.S. at Michael R.W. 2021). Ginamit ito upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng

mga estratehiyang ginamit sa mga baryabols.

Ang pormula sa pagkuha ng weighted mean ay:

$$F = \frac{S1^2}{S2^2}$$

Kung saan:

F= statistic (or F-value), which is the test statistic calculated from the data.

$S1^2$=variance of the first sample (usually the larger)

$S2^2$=Variance of the second sample (usually the smaller)

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
March 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com


**PAMAMAHALA NG MGA GURO AT EPEKTO SA PAGTUTURO NG MGA MAG-AARAL NA MAY ESPESYAL NA PANGANGAILANGAN SA PAMPUBLIKONG PAARALANG ELEMENTARYA**

Sa kabanatang ito, inilalahad ang pagsusuri, interpretasyon, at ebalwasyon ng mga datos na nakalap. Ipinakikita rin sa kabanatang ito ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa tatlong nabanggit na aspekto, gayundin ang epekto ng pagsasama ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa mainstream na edukasyon sa pamamahala ng guro. Inilalahad din dito ang uri ng nabuong karagdagang gabay para sa mga guro at ang resulta ng balidasyon ng mga napiling hurado.

**Kategorya ng mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan sa Mainstream na Klase sa Pampublikong Paaralang Elementarya**

Ang inklusibong edukasyon ay naglalayong tiyakin na ang bawat mag-aaral, anuman ang kanilang kakayahan, ay nararapat magkaroon ng pantay na oportunidad sa pagkatuto at nabibigyan din ng pagkakataon ang mga guro na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pamamahala ng klase at pagtuturo sa isang hindi magkakatulad na kapaligiran.

Base sa Talahanayan 3, makikita sa kategorya ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa Pampublikong Paaralang Elementarya, ang pinakamaraming mag-aaral na isinama sa inklusibong edukasyon ay yaong may Emotional o Behavioral Disorders at Developmental Delay, na parehong may porsyento na 37.65 bahagdan. Ipinakikita nito na malaking bahagi ng populasyon ng SPED sa mga pampublikong paaralan ang kabilang sa mga kategoryang ito. Sa kabilang banda, ang kategorya ng mag-aaral na may hearing impairment

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
March 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

ang may pinakamababang bilang, na may na 4.71 bahagdan, nagpapahiwatig na mas kaunti ang representasyon ng ganitong uri ng mag-aaral sa mainstream na silid-aralan.

**Talahanayan 3**

**Kategorya ng mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan sa sa Mainstream na Klase**

**Pampublikong Paaralang Elementarya**

| Kategorya | Frequency N=85 | Porsyento (%) |
|---|---|---|
| 1.Mag-aaral na may ADHD | 16 | 18.82 |
| 2.Mag-aaral na may Autismo | 21 | 24.71 |
| 3.Mag-aaral na may learning disabilities | 17 | 20.00 |
| 4.Mag-aaral na may physical disabilities | 6 | 7.06 |
| Mag-aaral na may intellectual disabilities | 15 | 17.65 |
| 6.Mag-aaral na may visual impairment | 10 | 11.76 |
| 7.Mag-aaral na may hearing impairment | 4 | 4.71 |
| Mag-aaral na may Emotional o Behavioral Disorders | 32 | 37.65 |
| Mag-aaral na may talino at kakayahang higit sa karaniwan | 12 | 14.12 |
| 10.Mag-aaral na may Developmental Delay | 32 | 37.65 |

Ang implikasyon ng mga datos na nakalap ay mahalaga na masiguro na natutugunan ng mga guro ang pangangailangan ng lahat ng mag-aaral, mapamarami man o kakaunti. Sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na estratehiya, gabay, at materyales ay masisiguro ang pantay at epektibong pagkatuto sa isang inklusibong kapaligiran.

Ang mga datos na nakalap sa pag-aaral nina Paculanang et al. (2025), ay sinuri ang kaalaman, saloobin, at mga gawi ng mga non-SPED teachers sa pagpapatupad ng inklusibong

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

edukasyon para sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa isang pampublikong elementarya. Bagaman nagpakita ang mga guro ng katamtamang antas ng kaalaman at positibong saloobin, ang kanilang aktuwal na mga gawi sa silid-aralan ay mataas at nagpapakita ng inklusibong mga praktis sa pagtuturo at pamamahala ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan.

Inirerekomenda na palawakin at patatagin ang pagsasanay at suporta para sa mga guro upang mas maging handa at kumpiyansa sa pamamahala ng iba-ibang kategorya ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan, lalo na sa mga may Emotional o Behavioral Disorders at Developmental Delay na may pinakamataas na bilang. Mahalaga rin na lumikha ng karagdagang gabay at materyales na angkop sa bawat kategorya upang mas mapadali ang inklusibong pagtuturo at matiyak ang pantay na oportunidad sa pagkatuto ng lahat ng mag-aaral sa hindi magkapareho na kapaligiran.

**Antas ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo at Pamamahala sa mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan sa Mainstream na Klase sa Aspektong Akademiko**

Ang bahaging ito ay tumatalakay sa antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo at pamamahala ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa aspektong akademiko, at kung gaano ito kaepektibo sa pagtugon sa kanilang mga pangangailangan.

Makikita sa Talahanayan 4, ang pinakamataas na antas ng paggamit sa akademikong aspekto ay nakamit ng dalawang estratehiya, ang paggamit ng differentiated instruction at

****************************************************************************************************
Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

pakikipagtulungan sa mga magulang, parehong may weighted mean na 3.58 o Lubos na Ginagamit (LNG). Ipinakikita nito na ang mga guro ay aktibong nag-aangkop ng aralin ayon sa kakayahan ng bawat mag-aaral at nakikipag-ugnayan sa pamilya upang suportahan ang pagkatuto, na mahalaga sa pagtaas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa mainstream na silid-aralan. Sa kabilang banda, ang pinakamababang estratehiya ay ang paggamit ng Individualized Education Plan (IEP) para sa mga mag-aaral na

may kapansanan, na may weighted mean na 2.78, Sapat na Ginagamit (SNG). Nagpapahiwatig na hindi ito ganap na naipa-tutupad sa lahat ng kaso. Ang pangkalahatang average ng antas ng mga estratehiya ay 3.36, na nangangahulugang Sapat na Ginagamit (SNG) ng mga guro ang karamihan sa mga estratehiya, ngunit may pangangailangan pa rin na mas palalimin ang ilang pamamaraan. Ipinapahayag lang dito na ang mataas na antas ng paggamit ng differentiated instruction at pakikipagtulungan sa magulang ay nagpapakita ng malakas na pagkilala sa kahalagahan ng indibidwal na pag-aangkop at kolaborasyon sa pagkatuto. Samantala, ang mababang paggamit ng Individualized Education Plan (IEP)ay nagpapahiwatig ng pangangailangan ng mas maraming pagsasanay at suporta upang mas maayos na maipatupad ang individualized planning sa inklusibong kapaligiran.


**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
March 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

**Talahanayan 4**

**Antas ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo at Pamamahala ng mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan sa Mainstream na Klase sa Aspektong Akademiko**

| Mga Estratehiya | Weighted Mean | Interpretation |
|---|---|---|
| 1.Paggamit ng differentiated instruction upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. | 3.58 | LNG |
| 2.Pagbibigay ng karagdagang oras sa pagsagot ng pagsusulit para sa mga mag-aaral na may learning disabilities. | 3.4 | SNG |
| 3.Paggamit ng visual aids at iba pang manipulatibong materyales upang mapadali ang pagkatuto. | 3.54 | LNG |
| 4.Pakikipagtulungan sa mga magulang upang mapabuti ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral. | 3.58 | LNG |
| 5.Pag-aayon ng pagtataya at pagsusulit upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral na may kapansanan. | 3.27 | SNG |
| 6.Paggamit ng Individualized Education Plan (IEP) para sa mga mag-aaral na may kapansanan. | 2.78 | SNG |
| Average | 3.36 | SNG |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

| Range of Weighted Mean | Interpretation |
|---|---|
| 3.50 – 4.00 | Lubos na Ginagamit (LNG) |
| 2.50 – 3.49 | Sapat na Ginagamit(SG) |
| 1.50 – 2.49 | Bahagyang Ginagamit(BG) |
| 1.00 – 1.49 | Hindi Ginagamit (HG) |

Sa pag-aaral nina Marchan et al. (2025) tinalakay kung paano gumagamit ang mga guro ng iba’t ibang estratehiya sa inklusibong klasrum, kabilang ang iba-ibang paraan ng pagtuturo, pagtutulungang pagkatuto ng mga mag-aaral, at iba pang mga estratehiya sa pagtuturo na nakabatay sa kooperasyon upang matugunan ang pangangailangan ng mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Ipinakikita rin sa resulta na ang mga guro ay nahaharap sa mga hamon tulad ng sobra-sobrang dami ng mag-aaral sa klase, na maaaring makaapekto sa epektibong aplikasyon ng mga estratehiya.

Ang mga nabanggit na kadahilanan tungkol sa paggamit ng iba-ibang estratehiya sa pagtuturo ay binigyan-diin ng kasalukuyang datos sapagkat iminumungkahi na patuloy at mas palalimin ang paggamit ng pagkakaibang pamamaraan ng pagtuturo at aktibong pakikipag-ugnayan sa mga magulang bilang pangunahing estratehiya sa pagtuturo sa akademikong aspekto. Gayundin, mahalagang bigyang-diin ang patuloy na pagsasanay ng mga guro sa inklusibong edukasyon, pagbuo ng angkop na kagamitang pampagtuturo, at regular na pagsubaybay sa progreso ng mga mag-aaral upang matiyak na natutugunan ang kanilang indibiduwal na pangangailangan.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
March 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com
****************************************************************************************************

**Antas ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo at Pamamahala sa mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan sa Mainstream na Klase sa Aspektong Emosyonal**

Ang inklusibong edukasyon ay naglalayong tiyakin na ang bawat mag-aaral, anuman ang kanilang kakayahan at emosyonal na kalagayan, ay kailangan nabibigyan ng pantay na oportunidad sa pagkatuto, kasabay nito ay nabibigyan din ng pagkakataon ang mga guro na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pamamahala ng klase at pagtuturo sa isang di magkaparehong kapaligiran.

Ipinakikita sa Talahanayan 5 ang antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo at pamamahala ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa aspektong emosyonal. Batay sa average weighted mean na 3.17 bahagdan, ang mga estratehiyang ito ay Sapat na Ginagamit (SNG), na nangangahulugang may sapat na pagsisikap ang mga guro sa pagtugon sa emosyonal na pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Ang estratehiyang pagpapakita ng positibong reinforcement upang mapanatili ang kumpiyansa ng mga mag-aaral ang nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 3.66 bahagdan, Lubos na Ginagamit (LNG). Ipinahihiwatig nito na karaniwang ginagamit ng mga guro ang papuri at positibong puna bilang paraan upang mapalakas ang emosyonal na katatagan ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
March 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

**Talahanayan 5**

**Antas ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo at Pamamahala ng mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan sa Mainstream na Klase sa Aspektong Emosyonal**

| Mga Estratehiya | Weighted Mean | Interpretation |
|---|---|---|
| 1. Pagpapakita ng positibong reinforcement upang mapanatili ang kumpiyansa ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. | 3.66 | LNG |
| 2.Pakikipag-ugnayan sa mga guidance counselors at SPED teachers para sa mas epektibong pamamahala ng emosyon ng mag-aaral. | 2.98 | SNG |
| 3.Paggamit ng social stories o role-playing upang matulungan silang maunawaan at maipahayag ang kanilang emosyon. | 3.24 | SNG |
| 4.Pagpapakita ng malasakit at pag-unawa sa kanilang mga pangangailangan sa pamamagitan ng pagbibigay ng personalized na suporta. | 3.49 | SNG |
| 5.Pagbibigay ng journal o emotional cards bilang outlet ng nararamdaman. | 2.65 | SNG |
| 6.Pagbibigay ng oras para sa one on one conversation pagkatapos ng klase upang pakinggan ang alalahanin. | 3.01 | SNG |
| Average | 3.17 | SNG |

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue III**
**March 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

| Range of Weighted Mean | Interpretation |
|---|---|
| 3.50 – 4.00 | Lubos na Ginagamit (LNG) |
| 2.50 – 3.49 | Sapat na Ginagamit(SNG) |
| 1.50 – 2.49 | Bahagyang Ginagamit(BG) |
| 1.00 – 1.49 | Hindi Ginagamit (HG) |

Samantala, ang pagbibigay ng journal o emotional cards bilang outlet ng nararamdaman ang may pinakamababang weighted mean na 2.65 bahagdan, bagama't ito ay nananatili pa ring binigyang interpretasyong Sapat na Ginagamit (SNG). Ipinakikita nito na hindi pa gaanong napagtutuunan ng pansin ang ganitong estratehiya, kahit na mahalaga ito sa pagtulong sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang emosyon.

Samantalang ang mataas na paggamit ng positibong reinforcement ay nagpapakita na sensitibo ang mga guro sa emosyonal na pangangailangan ng mag-aaral at sa pagpapalakas ng kumpiyansa. Gayunpaman, ang katamtaman hanggang mababang antas ng ibang emosyonal na estratehiya ay nagmumungkahi ng pangangailangan para sa karagdagang pagsasanay, gabay, at suporta, kabilang ang pakikipag-tulungan sa gabay tagapayo at SPED teachers, at paggamit ng konkretong kagamitan tulad ng mga kuwentong panlipunan at talaarawan ng emosyon.

Ayon kina Abdullah et al. (2025), ang kolaborasyon ng mga guro at estratehiyang pang-emosyonal ay positibo ang epekto sa kapakanan at sosyo-emosyonal na pag-unlad ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa inklusibong klase.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
March 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Hinihikayat na palawigin ang pagsasanay at pagpapaunlad ng mga guro. Partikular, sa paggamit ng iba- ibang emosyonal na estratehiya, partikular na ang nakabalangkas na pakiki-pagtulungan bilang gabay-tagapayo at guro sa SPED, pati na rin ang paggamit ng mga konkretong kagamitan tulad ng mga kuwentong panlipunan, talaarawan ng emosyon, at personal na gawain para sa emosyonal na suporta.

**Antas ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo at Pamamahala sa mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan sa Mainstream na Klase sa Aspektong Panlipunan**

Ang antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo at pamamahala sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa aspektong panlipunan.

Ipinakikita sa Talahanayan 6 Ang estratehiyang katiyakan ng klase na may positibong kultura ng pagtanggap at respeto sa lahat ng mag- aaral ang may pinakamataas na weighted mean na 3.56 bahagdan, Lubos na Ginagamit (LNG), na nagpapakita ng mataas na antas ng pagtuon ng mga guro sa pagbuo ng inklusibo at suportibong kapaligiran sa silid-aralan. Samantala, ang estratehiyang paggamit ng Functional Behavior Assessment (FBA) upang tukuyin ang ugat ng suliranin sa pakikisalamuha ang may pinakamababang weighted mean na 2.67 bahagdan, Sapat na Ginagamit(SNG), na nagmumungkahi na ang ilang espesyalisadong kagamitan sa pagpapaunlad ng kakayahang pakikisalamuha ay hindi pa ganap na napapakinabangan, marahil dahil sa kakulangan ng kaalaman o pagsasanay.

Ang mataas na paggamit ng positibong kultura ng silid aralan ay nagpapakita ng kakayahan ng mga guro sa pagtataguyod ng inklusibidad at respeto. Gayunpaman, ang mas

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

mababang paggamit ng FBA at structured social strategies ay naglalantad ng pangangailangan para sa dagdag na pagsasanay, gabay, at mga pinagkukunan upang mapalawak ang holistikong suportang panlipunan sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan.

**Talahanayan 6**

**Antas ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo at Pamamahala ng mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan sa Maintream na Klase sa Aspektong Panlipunan**

| Mga Estratehiya | Weighted Mean | Interpretation |
|---|---|---|
| 1.Pagsasama ng mga mag-aaral sa mga aktibidad na pang-grupo upang mapalakas ang kanilang kakayahang makihalubilo. | 3.47 | SNG |
| 2.Pakikipag-ugnayan sa mga magulang at espesyalista upang suportahan ang kanilang social development. | 3.24 | SNG |
| 3.Paglikha ng isang inclusive na silid-aralan kung saan pantay ang pagtrato sa lahat ng mag-aaral. | 3.38 | SNG |
| 4.Pagsisigurong ang klase ay may positibong kultura ng pagtanggap at respeto sa lahat ng mag-aaral. | 3.56 | LNG |
| 5.Pagbibigay ng gentle feedback kapag may hindi angkop na kilos. | 3.39 | SNG |
| 6.Paggamit ng Functional Behavior Assessment (FBA) upang tukuyin ang ugat ng social difficulty. | 2.67 | SNG |
| **Average** | **3.29** | SNG |

******************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
******************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
March 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

| Range of Weighted Mean | Interpretation |
|---|---|
| 3.50 – 4.00 | Lubos na Ginagamit (LNG) |
| 2.50 – 3.49 | Sapat na Ginagamit (SNG) |
| 1.50 – 2.49 | Bahagyang Ginagamit (BG) |
| 1.00 – 1.49 | Hindi Ginagamit (HG) |

Natuklasan nina Paculanang et al. (2025), na habang may katamtaman hanggang mataas na antas ng kaalaman at gawi ang mga non-SPED teachers sa inklusibong edukasyon, mas mababa ang aktuwal na paggamit ng espesyalisadong estratehiya tulad ng FBA at structured social interventions sa panlipunang pag-unlad ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan.

Inirerekomenda na dagdagan ang pagsasanay at suporta para sa mga guro sa paggamit ng nakabalangkas na estratehiya sa pakikisalamuha, pakikipag-ugnayan sa mga espesyalista at magulang, at paggamit ng mga konkretong kagamitan tulad ng kwentong panlipunan at role-playing upang mapalawak ang pakikisalamuha sa kapwa at inklusibidad sa silid-aralan.

**Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pamamahala ng mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan sa Mainstream na Klase Batay sa mga Baryabols**

Ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa inklusibong silid-aralan ay maaaring makaapekto sa iba- ibang aspekto ng pagtuturo at pamamahala, tulad ng akademikong pagganap, emosyonal na suporta, at panlipunang pag-unlad ng mga mag-aaral. Sa

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan    Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco    Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
March 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

pamamagitan ng pagsusuri sa mga larangang ito, nilalayong matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng paggamit ng estratehiya batay sa mga baryabol.

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang Makabuluhang Pagkakaiba

sa antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtu- turo at pamamahala sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan batay sa mga baryabol, na tinukoy gamit ang F-Test ANOVA. Batay sa talaan, walang makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng estratehiya sa tatlong baryabol sa antas ng kahalagahan na 0.05. Ang computed F-value na 0.4781 ay mas mababa sa tabular F-value na 3.6823, kaya tinanggap ang null hypothesis at tinanggihan ang alternative hypothesis. Ipinakikita ng resulta na kahit may kaibahan sa weighted mean sa bawat baryabol, pare-pareho pa rin ang moderate level ng paggamit ng mga guro sa lahat ng aspekto. Ibig sabihin, ginagamit ang estratehiya sa akademiko, emosyonal, at panlipunang aspekto, ngunit may pangangailangan pa rin na mapalakas ang implementasyon ng mga pangkalahatang estratehiya upang mas epektibong matugunan ang pangangailangan ng bawat mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Ang pagkakapantay-pantay ng paggamit ng estratehiya sa lahat ng aspekto ay nagpapahiwatig na may solidong basehan na umiiral na estratehiya sa inklusibong pagtuturo. Gayunpaman, kinakailangan ng karagdagang pagsasanay at gabay upang higit na mapaigting ang implementasyon ng mga estratehiya, lalo na sa mga mahihirap na aspekto ng emosyonal at panlipunang suporta.

**Talahanayan 7**

**Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pamamahala ng mga Mag-aaral na may**

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

# INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
March 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

**Espesyal na Pangangailangan sa Mainstream na**

**Klase Batay sa mga Baryabol**

| Mga BAryabol | Weighted Mean | Interpretation |
|---|---|---|
| Akademiko | 3.36 | Ginagamit |
| Emosyonal | 3.17 | Ginagamit |
